



Ang Child Health Plus Sa Isang Tingin

SINO ANG KWALIPIKADO?

MGA BATANG:

- Wala pang 19 na taong gulang
- Mga residente ng Estado ng New York
- Hindi kwalipikado para sa Medicaid
- Hindi nasasaklawan ng iba pang insurance sa kalusugan
- Hindi nakalista o kwalipikado para sa pagsaklaw ng kalusugan sa pamamagitan ng programa ng mga benepisyong pangkalusugan ng estado (NYSHIP)
- Maaaring maging kwalipikado ang mga bata anuman ang kanilang status ng imigrasyon

Sumusunod ang NY State of Health sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi ito nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan sa mga programa at aktibidad nito.

ANO ANG SINASAKLAWAN?

- Mga pagbisita para sa batang walang sakit
- Mga pisikal na pagsusuri
- Mga pagpapabakuna
- Mga serbisyo sa laboratoryo at pag-iimahe
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga resetang gamot
- Mga hindi resetang gamot, kung iniatas ng doktor
- Pangangalaga sa ospital para sa mga inpatient
- Mga panandaliang therapeutic na serbisyo para sa mga outpatient (chemotherapy, hemodialysis)
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isipan at diperensya sa pag-abuso sa droga para sa mga inpatient at outpatient
- Mga serbisyo sa Ngipin at Paningin
- Mga serbisyo sa Pagsasalita at Pandinig
- Matitibay na Kagamitang Medikal
- Hospice

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

nystateofhealth.ny.gov | 1-855-355-5777 o TTY 1-800-662-1220

MAGKANO ANG ISANG CHILD HEALTH PLUS PLAN?

MGA BUWANANG PREMIUM: Nakadepende ang buwanang presyo sa kita ng sambahayan at laki ng pamilya.* Walang buwanang premium para sa mga pamilyang may mas mabababang kita. Magbabayad ng buwanang premium ang mga pamilyang may mas matataas na kita, ayon sa chart sa ibaba. Para sa mas malalaking pamilya, nililimitahan ang buwanang singil sa halagang para sa tatlong bata. Maaaring bayaran ng mga pamilyang may kitang mas malaki sa antas para sa subsidized na saklaw ang buong premium, na nagbabago ayon sa kalahok na planong pangkalusugan.

HATIAN SA GASTUSIN: Ang Child Health Plus ay walang taunang ikinakaltas at co-payment.

Pinakamataas na Taunang Kita ayon sa Laki ng Pamilya				Buwanang Ambag ng Pamilya para sa Bawat Anak (hanggang 3 anak lang ang babayaran mo)
1	2	3	4	
\$19,296	\$25,984	\$32,672	\$39,360	\$0
\$26,774	\$36,053	\$45,333	\$54,612	\$9 (pinakamataas \$27)
\$30,150	\$40,600	\$51,050	\$61,500	\$15 (pinakamataas \$45)
\$36,180	\$48,720	\$61,260	\$73,800	\$30 (pinakamataas \$90)
\$42,210	\$56,840	\$71,470	\$86,100	\$45 (pinakamataas \$135)
\$48,240	\$64,960	\$81,680	\$98,400	\$60 (pinakamataas \$180)
>\$48,240	>\$64,960	>\$81,680	>\$98,400	Buong premium, nagbabago ayon sa planong pangkalusugan

*Simula Enero 1, 2017. Maaaring iakma ang Mga Antas ng Kita bawat taon batay sa Federal Poverty Levels (FPL).